# Teacher's Guide Primary 1

**Aralin 1    Ang Diyos ang Ating Manlilikha**

Totoo: Ang Diyos ang lumikha ng sanlibutan.
Mabuti: Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.
Tama: Maglinis sa ating kapaligiran upang mapangalagaan ang ating kalikasan. Ingatan din ang ating pangangatawan sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay. Dahil dito, ang mga bata ay magbibigay kasiyahan sa Diyos.

A. Panalangin - Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

B. Motivation - kanilang sasabihin. Sabihin sa gaganap na Mang Fredo na maaari niyang baguhin ang kaniyang boses upang maging kapani-paniwala na siya ay matandang tao. (Sa susunod na aralin kung walang ibinigay na motivation, magpaawit at magpalaro ayon sa lesson na ituturo)

C. Bible story: **Paglikha sa Sanlibutan (Genesis 1)**

Noong unang panahon, madilim pa ang buong mundo. Kaya sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag!" at nagkaroon nga ng liwanag. Pinagmasdan ng Diyos ang liwanag at nakita Niya na ang liwanag ay mabuti. Tinawag ng Diyos ang kadiliman na gabi at ang liwanag na araw.

Sa ikalawang araw, nilikha ng Diyos ang kalawakan. Pinag-hiwalay niya ang tubig sa ibaba at ang kalangitan sa itaas.

Sa ikatlong araw, nilikha ng Diyos ang karagatan at ang lupa. Nakita ng Diyos ang kanyang nilikha at sinabing ito ay mabuti. Nilikha rin ng Diyos ang iba't ibang uri ng puno at mga prutas at iba't ibang uri ng halaman at mga bulaklak. At nakita ng Diyos na ang mga puno, prutas, halaman at mga bulaklak ay mabuti."

Sa ikaapat na araw, nilikha ng Diyos ang araw, buwan at mga bituin. At nakita ng Diyos na ang araw, buwan at mga bituin ay mabuti.

Sa ika-limang araw, nilikha ng Diyos ang iba't ibang uri ng isda sa karagatan at iba't ibang uri ng ibon sa kalangitan. At nakita ng Diyos na ang mga isda at mga ibon ay mabuti.

Sa ika-anim na araw, nilikha ng Diyos ang lahat ng uri ng malalaki at maliliit na hayop na gumagapang sa lupa. At nilikha ng Diyos ang Tao. Ang lalaki at babae ay nilikha ng Diyos. At nakita ng Diyos na ang lahat ng Kanyang nilikha ay mabuti.

Ang ika-pitong araw ay ginawa Niyang banal dahil nag-pahinga Siya nang araw na iyon."

D. Activity time - Sagutin ang Activity sa workbook. Isulat sa space kung anong araw ginawa ng Diyos ang bawat isa. Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

E. Familiar Story

**Ang Karpintero**

*Guro:* Si Mang Fredo ay isang karpintero. Mahilig siyang gumawa ng mga bagay para sa kanilang tahanan. Isang araw tinanong siya ng kanyang anak na si Jao.

*Jao:* 'Tay, ano po ang ginagawa mo?

*Mang Fredo:* Ah, ito ay isang mesa para mapagsulatan mo.

*Guro:* Nang makita ni Mang Fredo ang natapos na mesa siya ay natuwa.

*Jao:* Wow ang galing mo tatay! May mesa na akong magagamit.

*Mang Fredo:* Ingatan mo iyan anak at gamitin ng wasto. (Habang nakangiti)

*Jao:* Opo tatay, iingatan ko talaga ito.

Tanungin ang mga bata. Laging hintayin ang kanilang sagot:

1. Ano ang naramdaman ni Mang Fredo nang makita ang kaniyang ginawang mesa?
2. Ano ang binilin ng ama kay Jao?
3. Paano natin ipapakita kay Tatay o Nanay na mahalaga para sa atin ang kanilang ginawa?

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang paglikha ng Diyos sa sanlibutan. Bigyang diin na ang Diyos ang lumikha sa lahat ng bagay at ito'y nakakapagbigay kasiyahan sa kanya. Ang mabuti ay nagbibigay kasiyahan sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Magpakita ng dalawang larawan sa klase. Isang larawan na nagpapakita ng malinis na kapaligiran at isang larawan na nagpapakita ng maruming paligid.
- Tanungin ang mga bata kung alin sa dalawang larawan ang makapagbibigay kasiyahan sa ating Diyos at bakit iyon ang kanilang pinili.
- Tanungin sa mga bata kung ano ang maaari nilang gawin upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa kanilang mga bakuran. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang kalikasang nilikha ng Diyos ay nakapag-bibigay kasiyahan sa Kanya. Ito ay dapat na panatilihin natin sa anyo na kung paano Niya ito nilikha. Ang paglilinis ng ating bakuran ay isang mabuting paraan ng pagpapanatili ng kaayusan at kagandahan ng kalikasang nilikha ng Diyos.

H. Preventive Health Care:

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Paghuhugas ng Kamay - paggamit ng tubig at sabon upang linisin ang mga kamay.

Kahalagahan - ito ang pinakamadaling paraan upang maiwasan ang pagkakasakit.

- Kailan dapat gawin - bago at pagkatapos kumain, pagkatapos gumamit ng banyo, pag ang bata ay nanggaling sa labas ng bahay mula sa paglalaro.

Tamang paraan:

1. Buksan ang gripo at itapat ang kamay sa tumutulong tubig.
2. Kuskusin ng sabon ang kamay hanggang sa bumula upang maalis ang mga germs.
3. Kuskusin ang mga kuko upang maalis ang mga dumi na nakasingit dito.
4. Magbanlaw ng mabuti sa tumutulong tubig.
5. Punasan ang kamay ng tuyong tuwalya.

I. Homework. Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang workbook.

- Sabihin sa mga bata na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.
- Ipasaulo sa kanila ang Psalm 19:1 - Ang langit ay naghahayag na ang Diyos ay dakila! Malinaw na nagsasaad kung ano ang Kanyang gawa.
- Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson.

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

## Aralin 2 Ang Diyos ang Ating Tagapagligtas

Totoo: Ang Diyos ang magliligtas sa atin sa tiyak na kapa-hamakan. Reference: Proverbs 18:10
Mabuti: Ang pakikinig at pagsunod sa salita ng Diyos ay mabuti.
Tama: Itapon ang basura sa basurahan.

B. Motivation — Magpalaro: “Ang Bangka ay Lulubog”.

- Sasabihin ng guro na ang bangka ay lulubog, mag-grupo kayo ng waluhan. Ang mga bata ay bubuo ng grupo na may walong katao. Ang mawawalan ng grupo ay lulubog at maa-out. Palitan ang bilang na sasabihin hanggang sa sila ay kumonti.
- Tanungin sa kanila kung sino na ang nakasakay ng barko o bangka. Sabihin na ang kuwento mo ay patungkol sa isang pamilya na pinagawa ng Diyos ng isang malaking barko.

C. Bible story: **Ang Barko ni Noah (Genesis 6-8)**

Si Noah ay isang tao na napakalapit sa Diyos. Siya na lang ang natitirang tao na sumusunod sa utos ng Diyos. Inutusan ng Diyos si Noah upang gumawa ng malaking barko na may maraming silid. Sinabi Niyang magpapadala Siya ng malaking baha dahil sa kasamaan ng mga tao.

Nang matapos ang arko, pinapasok ng Diyos si Noah, ang kanyang asawa at kanyang mga anak na sina Ham, Sem at Jafet at kani-kanilang asawa sa loob ng arko. Inutos din ng Diyos kay Noah na magsama ng mga pares ng lahat ng klase ng hayop at mga ibon. Sila lang ang maliligtas sa malaking baha.

Umulan nang umulan hanggang sa tumaas nang tumaas ang tubig sa loob ng 40 araw at gabi. Ang mga bahay at bundok ay lumubog. Ang mga tao at mga hayop sa labas ng arko ay nalunod at namatay.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Maging Masunurin***

Isang araw, si Jio ay may nakitang isang mahabang kawayan na nakasabit sa magkabilang dulo ng mataas na bato. Umakyat siya dito at sinubukang tumulay. Nakita siya ng tatay at…
*Tatay*: Anak! Bumaba ka dyan at baka ka mahulog!
*Anak*: Ha! Ha! ‘Tay tignan mo po ako!
*Tatay*: Hmp! Naku! Ang batang ito talaga. Sinabi ng bumaba ka dyan, eh!
*Anak*: Ay! ‘Taaay! Aray ko poooo.
Ang kawawang Jio ay nahulog sa lupa at nauntog ang ulo. Ayon bukol ang inabot!

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang pagkaligtas kay Noah at sa kanyang pamilya. Bigyang diin na ang pagtitiwala sa sinabi ng Diyos at pagsunod sa Kanya ang nagligtas sa kanila mula sa kapahamakan. Ang pagtitiwala at pagsunod sa sinabi ng Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya. Ang mabuti ay ang nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung paano sila makakatulong na mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng paligid. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang kalikasang nilikha ng Diyos ay nakapag-bigay kasiyahan sa kanya. Ito ay dapat na panatilihing malinis at maayos. Ang pagtatapon ng basura sa basurahan ay isang mabuting paraan ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan paligid.

## Aralin 3 Ang Diyos ang Ating Gabay

Totoo: Ang salita ng Diyos ang ating lampara na siyang nagbibigay liwanag at gabay para sa

direksiyon ng ating buhay. Reference: Psalm 119:105

Mabuti: Makinig at sumunod sa salita ng Diyos.

Tama: Sumunod sa magulang o nakatatanda.

B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng isang mapa at tanungin sila kung ano ang gamit nito. Pakinggan ang kanilang mga sagot.
- Tanungin sila: “Kung ang mapa ay nagbibigay direksiyon upang hindi tayo maligaw sa tuwing pupunta sa isang lugar, mayroon kayang mapa na maaari nating sundin upang hindi rin tayo maligaw sa ating buhay?”

C. Bible story: **Si Abraham (Genesis 15-17)**

Kinausap ng Diyos si Abram nang siya ay naninirahan pa sa bayan ng Ur. Ang sabi ng Diyos sa kanya: *“Iwan mo ang iyong lupain at mga kamag-anakan; pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.”*

Sumunod si Abram sa utos ng Diyos. Umalis siya, kasama ang kanyang buong sambahayan, sa bayan ng mga Caldeo at nanirahan sa bayan ng Haran.

Kinausap siya muli ng Panginoon at sinabi sa kanyang siya ay magiging ama ng maraming nasyon. At siya ay tatawaging “Abraham.” Ang asawa niyang si Sarai ay tatawaging “Sara.” At sila ay bibigyan din ng Diyos ng sarili nilang anak at tatawagin nila itong Isaac.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ginabayan ni Lolo***

Si Justine ay sampung taong gulang at mahilig magbasa. Isang araw, niyaya niya ang kanyang lolo na pumunta sa bookstore. Tuwang-tuwa si Justine. Dumerecho siya agad sa pambatang aklat.

Nalibang siya sa dami ng libro. Napansin niyang wala na pala si Lolo sa tabi niya. Nagulat pa siya nang bigla na lang tumunog ang cellphone na inilagay ni Lolo sa bulsa niya. Itinuro ni Lolo kung saan siya dapat pumunta.

Sinunod lang ni Justine ang direksyon ni Lolo at di nagtagal ay nagkita sila.

F. Gabay ng buhay — Muling balikan ang pagkatawag kay Abraham. Bigyang diin na si Abraham ay nakinig, nagtiwala at sumunod sa sinabi ng Diyos. Ang pakikinig, pagtitiwala at pagsunod sa sinabi ng Diyos ay nakakapagbigay kasiyahan sa kanya. Ang mabuti ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Magsalaysay ng maiksing kuwento na nagpapakita ng pag-sunod sa magulang.
- Tanungin sa mga bata kung ano ang kanilang gagawin kung sila ay hindi sumunod sa kanilang magulang at sila ay papagalitan. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang pakikinig at pagsunod sa magulang ay nakakapagbigay ng tamang direksiyon sa buhay. Gaya din ni Abraham na nakinig at sumunod sa direksiyon na ibinigay sa kanya ng Diyos.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng pangangatawan na kanyang pinagkaloob.

Pagsisipilyo gamit ang toothbrush at toothpaste.

- Kahalagahan - upang maiwasan ang pagkasira ng mga ngipin at upang maiwasan ang pagkakaroon ng mabahong hininga.
- Kailan dapat gawin - paggising sa umaga, pagkatapos kumain, lalo na kung kumain ng matatamis katulad ng mga candies at chocolates.

Tamang paraan:

1. Lagyan ng toothpaste ang toothbrush.
2. Para sa ngipin sa harap, linisin ito ng pataas-baba.
3. Para sa ngipin sa loob, i-brush ng pataas-baba at pa-ikot.
4. Sipilyuhin din ang dila.
5. Magmumog ng mabuti ng tubig.

Mga Paalala:

- Tama dapat ang laki ng toothbrush para maabot ang lahat ng ngipin.
- Magpalit ng toothbrush tuwing ikatlong buwan o kung kinakailangan.
- Bumisita sa dentista ng 2 beses sa isang taon.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.
Psalm 119:105 - Ang salita mo O Diyos, ay isang tanglaw
sa akin ay patnubay, liwanag na tanglaw salandas kong daraanan.

## Aralin 4 Ang Diyos ang Ating Tagapangalaga

Totoo: Ang Diyos ang mag-iingat at gagabay sa atin. Siya ang ating tagapangalaga. Reference: Joshua 1:5b
Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ang ating tapapangalaga.
Tama: Sumunod sa magulang. Sila ang tagapangalaga na ibinigay sa atin ng Diyos.

B. Motivation - Tanungin sa mga bata kung sino sa kanila ang may mga alagang hayop o halaman. Alamin sa kanila kung paano nila ito pinangangalagaan. Pakinggan ang kanilang mga sagot.

C. Bible story: **Si Joseph (Genesis 37-41)**

Si Joseph ay paboritong anak ni Jacob. Dahil dito ay kinainggitan siya ng kanyang mga kapatid. Kaya isang araw….

Si Joseph ay ipinagbili nga nila bilang isang alipin sa mga Ismaelita. Ipinagbili naman siya ng mga Ismaelita kay Potiphar na pinuno ng mga guwardya ng hari ng Egypt. Bagamat maraming pagsubok na hinarap at pinagdaanan si Joseph, hindi siya napahamak kailanman. Ang Diyos ang patuloy na nangalaga at gumabay sa kanya at naging matagumpay si Joseph sa lahat ng kanyang gawain.

Pinagpala ng Diyos si Joseph at sa kahuli-hulihan ay naging kanang kamay siya ng hari ng Egypt.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Tagapag-alaga***

Isang araw sa eskuwelahan, ang siyam na taong gulang na si Anton ay ipinatawag ng principal.

*Pricipal*: Anton mayroong nagsabi sa akin na ikaw daw ay nagsisigarilyo na.
*Anton*: Naku, hindi po totoo yan!
*Principal:* Papuntahin mo ang magulang mo dito bukas.
*Anton:* Opo Ma'm.

Dahil wala ang kanyang mga magulang, sinamahan si Anton ng kanyang Tiya Inday na nag-aalaga sa kanya.

*Tiya Inday:* Magandang umaga po mam. Ako po ang tagapag-alaga ni Anton.
*Principal:* May nagsabi sa akin na nagsisigarilyo ang iyong alaga.
*Tiya Inday:* Naku hindi po. Maniwala kayo sa akin, kilala ko ang alaga ko. Napakabait na bata po nito.
*Principal:* Sige, paniniwalaan kita ngayon. Siguruhin mong nagsasabi ka ng totoo.
*Tiya Inday:* Salamat po.
*Anton:* Salamat Tiya Inday.
*Tiya Inday:* Walang anuman Anton. Alam ko namang walang katotohanan yun.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento ni Joseph. Bigyang diin na ang Diyos ay lagi nating kasama kahit hindi natin nakikita gaya ng kanyang paggabay at pangangalaga kay Joseph.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung ano ang kanilang gagawin kung sila ay pinagbabawalan ng kanilang tatay o nanay sa isang bagay na kanilang ginagawa. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na sila ay mapapahamak kapag sila ay hindi nakinig sa kanilang mga magulang. Dapat sila ay makinig sa paalala ng kanilang magulang sapagkat sila ang taga-pangalaga na pinagkaloob sa ng Diyos.

## Aralin 5 Ang Diyos ang Ating Kapayapaan

Totoo: Ibinigay ng Diyos ang kanyang mga kautusan upang tayo'y makapamuhay ng may kapayapaan. Reference: Deuteronomy 4:40
Mabuti: Sumunod sa kanyang mga kautusan.
Tama: Sumunod sa batas sa kalsada.

B. Motivation

- Hilingin sa mga bata na magbigay ng isang rule na kanilang sinusunod sa bahay. Alamin sa kanila kung bakit nagbibigay ng rules para sa kanila ang kanilang mga magulang.
- Ipaalam sa kanila na kahit noon pa man ang Diyos ay nag-bigay ng mga rules upang ang mga tao ay makapamuhay ng maayos at may kapayapaan.

C. Bible story: **Si Moses at ang Sampung Utos (Exodus 20)**

Si Moses at ang mga Israelita ay patuloy na naglakbay sa desyerto mula nang makalaya sila sa pagkaalipin sa bayan ng Egypt.

Sila ay nakarating sa paanan ng Bundok ng Sinai. Umakyat si Moses sa bundok at doon ay ibinigay sa kanya ng Diyos ang sampung utos. Ito ang Sampung Utos ng Diyos:

1. Huwag magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa Akin.
2. Huwag kayong maglilingkod o yuyuko sa alinmang diyus-diyosan.
3. Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng Diyos nang walang kabuluhan.
4. Italaga ninyo ang Araw ng Pamamahinga.
5. Igalang ninyo ang inyong ama at ina.
6. Huwag kayong papatay.

7. Huwag kayong mangangalunya.
8. Huwag kayong magnanakaw.
9. Huwag kayong sasaksi sa di katotohanan laban sa inyong kapwa.
10. Huwag ninyong pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alila, o kanyang mga pag-aari.

Ibinigay ng Diyos sa mga Israelita ang mga utos na ito upang sila ay makapamuhay ng may kapayapaan.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Marunong Ka Bang Makinig?***

*Anton:* 'Nay puwede po ba, manonood na lang ako ng tv?
*Nanay:* Pag may pasok, hindi puwede manood ng tv.
*Anton:* Maglalaro na lang po ako sa labas. Nay, puwede po ba ako maglaro nito?
*Nanay*: Hindi puwede kasi may pasok ngayon at bukas ay ganun din
*Nanay:* Anton, wag matigas ang ulo. Magbasa ka na lang.
*Anton:* Opo.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na dapat sundin ang alituntunin ng Diyos upang makapamuhay ng may kapayapaan. Ang pagsunod sa utos ng Diyos ay tama. Ang tama ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Magsalaysay ng kuwento na kung saan ang isang bata ay lumabag sa batas trapiko (halimbawa: jaywalking)
- Tanungin sila kung bakit kailangang tumawid sa tamang tawiran o bakit kailangan sumunod sa batas.
- Bigyan diin na dapat matutong tumawid sa tamang tawiran upang hindi maging magulo sa kalsada at maiwasan ang anumang aksidente.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Alagaan natin ang ating kalusugan upang mabigyan natin ng Siya ng kasiyahan.

Pagligo

- Kahalagahan - upang mapanatili ang malinis na katawan, makaiwas sa sakit na dala ng germs at maiwasan ang pagkakaroon ng masamang amoy sa katawan.
- Kailan dapat gawin— sa umaga at gabi o minsan ay higit pa kung kinakailangan.

Tamang paraan:

1. Basain ng mabuti ang buong katawan ng tubig.
2. Lagyan ng shampoo ang buhok at lumikha ng bula na gamit ang dulo ng daliri.
3. Banlawan ng mabuti ang buhok.
4. Lagyan ng sabon ang face towel at kuskusin ang mukha pababa sa paa. Huwag sisimulan sa paa dahil ito ang pinakamaruming bahagi ng katawan. Bigyang pansin ang mga singit.
5. Magbanlaw ng mabuti gamit ang tubig.

Mga dapat gawin matapos maligo:

1. Punasan ang buong katawan at tainga ng tuyo at malinis na tuwalya.

2. Maglagay ng lotion (kung mayroon).
3. Magbihis ng malinis na damit.
4. Magsuklay ng buhok at siguraduhing malinis din ang suklay na gagamitin.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

John 14:27 – Kapayapaan ang iniiwan Ko sa inyo. Ang Aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo .

## Aralin 6   Ang Diyos ang Ating Kalakasan

Totoo: Ang Diyos ang pinagmumulan ng ating kalakasan.      Reference: Psalm 18:2b
Mabuti: Magtiwala sa Diyos kung may panganib o pagsubok na hinaharap.
Tama: Manalangin at humiling ng kalakasan o tapang sa Diyos kung may kinakaharap na pagsubok.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa katangian o kapangyarihan ng Diyos.

C. Bible story: **Si David  (1 Samuel 17)**

May isang kawal ang mga Filisteo na ang pangalan ay  Goliath, isang higante, na minamaliit ang army ng Diyos, ang mga Israelita. Palaging hinahamon ng higante ang mga kawal ng Israel na lumaban sa kanya ngunit walang naglalakas loob dahil sila ay natatakot.

Isang araw, si David ay inutusan ng tatay niya upang dalhan ng pagkain ang mga kapatid niyang kasama sa kawal ng Israel. Pagdating niya sa kinaroroonan ng kanyang mga kapatid, narinig niyang nanghahamon si Goliath “Pumili kayo ng taong lalaban sa akin!”

Si David na di gaanong kalakasan at kalakihan ay tinanggap ang hamon na ito ni Goliath. Bagamat natatakot ang mga kawal ng Israel sa ginawa ni David, pinakita niya na ang tapang at kalakasan na mayroon siya ay mula sa Diyos.  Nilabanan nga ni David ang higante at napatumba niya ito sa pamamagitan lamang ng tirador. Nang matumba ang higante, ito ay pinugutan niya ng ulo.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

### *Huwag Matakot*

Si EJ ay masipag pumasok sa eskuwela araw-araw. Paglabas niya ng gate, may malaking asong papalapit sa kanya. Natakot siya dahil bumubula ang bibig nito. Nag-isip siya at humingi siya ng tulong sa Diyos.

Nakakita siya ng bato at binato niya ang aso. Nabulabog ang aso at ito ay tumakbong palayo kay EJ.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na lubos ang pagtitiwala ni David sa Diyos na  bibigyan siya ng kalakasan upang mapagwagian ang laban kay Goliath. Ang Diyos ang pinagmumulan ng ating kalakasan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat humiling sa Diyos ng tapang at lakas ng loob na mapagtagumpayan ang anumang pagsubok na hinaharap. Ang tapang na hinihiling sa Diyos ay hindi dapat ginagamit sa pakikipag-away.

## Aralin 7   Ang Diyos ang Ating Kaibigan

Totoo: Si Jesus ay tunay na kaibigan. Inalay Niya ang Kanyang buhay para sa ating kaligtasan. Reference: John 15:13

Mabuti: Kausapin palagi ang Diyos sa pamamagitan ng pana-langin at sabihin palagi sa Kanya ang laman ng iyong puso.

Tama: Tulungan ang kaibigang nangangailangan.

B. Motivation - Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos sa atin.

C. Bible story: **Si Jesus (Matthew 5-7)**

Si Jesus ay tunay na kaibigan. Itinuring Niyang mga ka-ibigan ang kanyang mga disipulo. Noong Siya ay namuhay kasa-kasama nila, laging nagtuturo si Jesus ng mga mahalagang bagay sa Kanyang mga alagad katulad ng tamang pakikitungo sa kapwa, paano mamuhay ng ayon sa kalooban ng Diyos at kung paano manalangin.

Si Jesus ay ating kaibi-gan. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Sinabi pa Niya na, *Ako ang daan, katotohanan at ang buhay. Walang makakaparoon sa Aking Ama kundi sa pamamagitan Ko.* Pagtiwalaan natin ang Kanyang salita. Patuloy nating mararanasan ang Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang salita. Ang Kanyang salita ang magtuturo sa atin kung paano tayo makakapamuhay ng tama. Ayaw Niya tayong mapahamak.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Tunay na Kaibigan***

Tumunog na ang bell para sa recess kaya…

*Rem*: Dali EJ, mauunahan tayo sa swing.

EJ: Andyan na 'ko…. Ay!

Nahulog ang tinapay at natapakan pa ito ni Ej, kaya..

Rem: Hati na lang tayo sa tinapay ko, EJ.

EJ: Salamat Rem.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na si Jesus ay ating kaibigan, dakila ang pag-ibig niya sa atin dahil inalay Niya ang kanyang buhay para sa ating kaligtasan. Ipaalala rin na nakakalapit tayo sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin kahit anong oras o panahon dahil kay Jesus

G. Mabuting Mamamayan

- Magsalaysay ng kwento patungkol sa isang matalik na magkaibigan.
- Bigyan diin na dapat ang isang tunay na kaibigan ay handang dumamay sa kapwa.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng panga-ngatawan na kanyang pinagkaloob.

Mga paraan upang maiwasan ang iba't-ibang uri ng sakit:

1. Linisin ang loob at labas ng bahay araw-araw.
2. Iwasan magkaroon ng mga lalagyan o lugar sa bakuran na maaaring pamahayan ng lamok upang makaiwas sa dengue.
3. Ang mga basura ay dapat paghiwa-hiwalayin.
   Ibukod ang mga bote o lata sa isang lalagyan.
   Ibukod ang mga papel sa isang lalagyan

Ibukod ang mga basurang nabubulok sa isang lalagyan.

4. Lagyan ng takip ang nabubulok na basura upang hindi makahikayat ng mga langaw na may dalang germs.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

John 15:13 - Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.

## Aralin 8   Ang Tao ay Nilikha ng Diyos

Totoo: Ang Diyos ang lumikha sa atin.  Reference: Psalm 139:13
Mabuti: Pahalagahan ang buhay na ibinigay ng Diyos sa atin.
Tama: Ingatan ang sariling katawan/kalusugan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos sa atin.

C. Bible story  **Si Job (Job 1-42)**

Si Job ay isang tao na tunay na nagmamahal sa Diyos subalit dumanas ng maraming pagsubok sa kanyang buhay. Sa kanyang pag-iisip, siya ay nagtaka at naitanong sa kanyang sarili kung bakit masyadong pinagkaka-abalahan ng Diyos ang tao.

Ang kasagutan dito ay makikita din natin sa bibliya. Ang tao ay nilikhang kalarawan ng Diyos. Maingat at kahanga-hanga ang pagkalikha ng Diyos sa tao. Ibig sabihin, ang tao ay may talino, damdamin at kakayahang  magpasiya.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Bagong Baby***

Pagdating sa kanilang bahay, masayang sinalubong ni Lea ang nanay niya na karga-karga ang bago niyang kapatid.

Paghiga ng baby sa kama, nilapitan niya ito at pinagmasdan ng mabuti. Maingat na hinaplos ang kamay at paa.

*Lea:* ‘Nay, ang liit-liit ni baby. Ang liit ng mga kamay at mga paa niya.
*Nanay:* Dahan-dahan lang ang hawak sa kanya, anak.
*Lea:* Ang ganda niya. Sino ba ang gumawa sa kanya?
*Nanay:* Ang Diyos ang gumawa sa kanya, anak. Lahat tayo ay nilikha ng Diyos.
*Lea:* Wow! “Nay, aalagaan ko po si baby, ha?
*Nanay:* Oo anak. Alagaan natin siyang mabuti dahil ibinigay
siya sa atin ng Diyos.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang kuwento ni Job.  Bigyang diin na ang tao ay bini-
bigyang pagpapahalaga ng Diyos. Nilikha niya tayo ng may talino, damdamin at kakayahang magpasya. Ikaw ay mahalaga sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung paano nila mapangangalagaan ang kanilang katawan. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang Diyos ang lumikha sa atin. Mahalaga tayo sa kanya. Dapat lang na ingatan at pangalagaan natin ang ating katawan dahil tayo ay mahalaga sa Diyos.

**Aralin 9   Ang Tao ay Nahulog sa Kasalanan**

Totoo: Ang tao ay hindi naniwala sa katotohanan ng salita ng Diyos kaya't nahulog ito sa kasalanan.
Mabuti: Pagtiwalaan at sundin ang salita ng Diyos.
Tama: Magsabi ng totoo sa lahat ng pagkakataon.

B. Motivation - Magpakita ng isang Bible sa klase. Tanungin sila kung ano ito at ano ang nilalaman ng aklat na ito. Sabihin sa kanila na ito ay salita ng Diyos. Puro katotohanan ang mababasa nila dito. Ano man ang salungat sa nakasulat sa Biblia ay kasinungalingan. Dumako sa kuwento sa araling ito.

C. Bible story: **Si Adan, Eba at ang Ahas (Genesis 3:1-24)**

Inilagay ng Diyos si Adan sa hardin at sinabing, *Maaari mong kainin ang alinmang bunga sa halamanan, huwag lang ang bunga ng punongkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama. Ikaw ay mamamatay pag kinain mo iyon.* Isang araw, habang nasa hardin si Eba at nilapitan siya ng ahas:

*Ahas:* Totoo bang sinabi ng Diyos na hindi kayo dapat kumain ng prutas mula sa kahit anumang puno sa hardin?

*Eba:* Puwede kaming kumain ng bunga ng kahit na anong punongkahoy, huwag lang yung bunga ng puno na nasa gitna ng hardin. At hindi namin ito maaring hawakan, kapag ginawa namin iyon kami ay mamamatay.

*Ahas:* Hindi kayo mamamatay. Kapag kumain kayo ng bunga na yan, kayo ay magiging katulad ng Diyos at malalaman ninyo ang masama at mabuti.

Pumitas si Eba at kumain. Binigyan niya si Adan at kumain din ito. Pagkatapos kumain ni Adan ng bunga, nakita nila na sila ay parehong hubad. Nagtakip sila ng mga dahon. Sila ay nagtago nang marinig nila ang yabag ng Diyos sa hardin. Dahil hindi sila sumunod sa utos ng Diyos, sina Adan at Eba ay pinalayas ng Diyos sa hardin nang araw ding iyon. Nahiwalay sila sa Diyos. Namatay din sina Adan at Eba paglipas ng mahabang panahon.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ano Ang Katotohanan?***

Si Mark ay mahilig maglaro - sa labas ng klasrum, sa kapitbahay at sa loob ng bahay. At lagi niyang dala ang paborito niyang laruang kotse. Isang araw, si Mark at ang kanyang mga kaibigan ay naglalaro sa loob ng kanilang bahay. Pinaglalaruan niya ang kanyang paboritong kotse. Masaya silang nagkakarera ng kotse nang biglang nasagi ni Mark ang paboritong plorera ng nanay niya.

Ang plorera ay nahulog at nabasag. *"Krashhhhhhh!!"*

Lumapit ang nanay ni Mark

*Nanay:* Ano ang nangyari dito?

*Mark*: *Nanay, naglalaro po kasi kami at nasagi ko ang plorera. Di ko po sinasadya. Mag-iingat na po ako. Sorry po."*

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang pagkahulog sa kasalanan ng tao. Bigyang diin na ang pagtitiwala at pagsunod sa sinabi ng Diyos ang magliligtas sa kanila sa kapahamakan. Ito ang mabuting gawin. Ang pagtitiwala at pagsunod sa salita na salungat sa sinabi ng Diyos ay kasinungalingan. Ito ay magdudulot ng kapahamakan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na hindi nakapagbibigay ng kasiyahan sa Diyos ang pagsisinungaling.
- Ipatanda sa mga bata na isa sa mga utos ng Diyos ay “Huwag magsinungaling” kaya’t anuman ang sitwasyon ay palagi dapat magsasabi ng totoo kahit alam mo na ikaw ay mapapagalitan. Ang pagsasabi ng totoo ay mabuti. Ang mabuti ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Pangangalaga sa Sistema ng Panunaw (*Digestive System)*.

Mahalagang pangalagaan ang ating tiyan sapagkat ito ang tumutunaw sa anumang pagkain na iyong kinakain. Minsan nasisira ang iyong tiyan sa tuwing kakain ka ng sobra o kaya ay kakain ka ng mga pagkaing hindi mabuti. Ang sumusunod ay mga paraan kung paano mo ito mapapangalagaan:

1. Kumain sa tamang oras. Ang pagpapaliban o minsang hindi pagkain ay nagdudulot ng *ulcer*. Ito ay ang pagsusugat ng loob ng sikmura.
2. Nguyain ng dahan-dahan at mabuti ang anumang kinakain.
3. Siguraduhing nahugasan ang anumang pagkain bago ito isubo at kainin.
4. Uminom ng 6 hanggang 8 basong tubig sa isang araw.
5. Kumain ng pagkaing makakatulong sa pagtunaw ng pag-kain gaya ng cereals o oatmeal, ito ay mga pagkaing mayaman sa *fiber*.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

John 8:44 - Ang diablo ay sinungaling at ama ng kasinu-ngalingan.

## Aralin 10 Ang Tao ay Tinatawag ng Diyos

Totoo: Ang tao ay nilikha ng Diyos, tinawag upang isakatuparan ang layunin ng Diyos sa kanyang buhay. Reference: Ephesians 2:10

Mabuti: Pagsunod at pagsabuhay ng mabuting gawa na hinanda ng Diyos.

Tama: Pagsunod sa magulang at pag-aaral ng mabuti.

B. Motivation — Magpalaro ng “Rock the Boat”

Instruction: Gamit ang kanilang mga silya paupuin ang mga bata ng nakapabilog. Ang bata na walang silya ay ang taya. Magtatawag siya ng isang kategorya kung saan ang lahat ng napapaloob sa kategoryang iyon ay dapat lumipat ng inuupuan. Ang taya ay makikipag-unahan na rin makahanap ng bakanteng silya. Ang mawawalan ng upuan ang siya namang magiging bagong taya.

Halimbawa: “Ang bangka ay lulubog, lahat ng naka-sapatos ay kailangan lumipat.”

C. Bible story: **Mga Tinawag ng Diyos (Genesis 3:8, 6:13, 17:5, Isaiah 16-18)**

Ang taong nilikha ng Diyos ay may layunin sa buhay. Mula noon lagi ng tinatawag ng Diyos ang tao. Tinawag niya si Noah upang gumawa ng malaking arko para sila ay maligtas sa malaking baha.

Tinawag ng Diyos si Abraham upang siya ay magsimula ng isang bayan. Tinawag ng Diyos si Moses upang iligtas niya ang kanyang mga kababayan sa pagiging alipin sa bayan ng Ehipto.

Tinawag ng Diyos si David upang maghari sa bayan ng Diyos. At pagkatapos naman ay ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus upang iligtas ang tao sa kanilang kasalanan.

Silang lahat ay sumunod sa Diyos.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Puro na lang ako***

Isang araw, nagmamadaling pumasok sa loob ng bahay nila si Leo.

*Leo:* Inay! Nay!

Sigaw ni Leo ng naghahanap sa ina.

*Nanay:* Anak, nandito ako sa kusina. Halika dito.

*Leo*: ‘Nay, bakit ganon yun teacher ko. Lagi niya ko tinatawag. Laging inuutusan, tawag ng tawag sa ‘kin sa klase minsan hindi ko na alam ang sagot.

*Nanay*: Ay naku ang anak ko. Huwag ka nang umiyak. Ganoon lang talaga ang mga teacher.

*Leo*: Marami naman kami sa klase. Bakit ako lang lagi ang tinatawag niya?

*Nanay*: Lagi ka bang sumusunod pag inuutusan ka niya?

Tumango lamang si Leo.

*Nanay:* Ibig sabihin, natutuwa ang teacher mo sa iyo kasi masunurin ka at iyon ay mabuti.

*Leo:* Ganon po ba yun talaga, ‘nay?

*Nanay:* Oo anak. O, huwag ka na malungkot, ha?

*Leo:* Opo.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang kuwento. Bigyang diin na ang Diyos ay tinatawag ang kanyang mga tao upang isakatuparan nila ang kanilang layunin sa buhay. Layunin na hinanda na ng Diyos noong una pa man.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaliwanag sa mga bata na kahit sa mura nilang edad ay maaari na nilang maisasakatuparan ang mga mabubuting gawa na hinanda ng Diyos para sa kanila.
- Tanungin sa mga bata kung ano ang mga mabubuting gawa na maaari nilang gawin sa mura nilang edad. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang mga gawang mabuti ay mga gawang nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang mga batang tulad nila ay maaaring sumunod sa tawag ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa magulang at pag-aaral ng mabuti.

## Aralin 11 Ang Tao ay May Kalayaan

Totoo: Ang tao ay may kalayaan ngunit may pananagutan.

Mabuti: Gamitin ang kalayaang pinagkaloob ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kalooban.

Tama: Kalayaang gamitin ang 24 hours na binigay ng Diyos sa wastong paraan. Gumawa ng schedule sa pag-aaral, paglalaro at ibang gawaing bahay upang hindi nasa-sayang ang oras sa mga bagay na walang kabuluhan.

B. Motivation - Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible story: **Ang Tao sa Hardin ng Eden (Genesis 2:15-17)**

Inilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden. Sinabi niya na pagyamanin niya ito. Binigyan ng Diyos ang tao ng kalayaan na alagaan ang Hardin. Ginawa ng Diyos ang tao upang pamahalaan ang mga hayop sa lupa, dagat at mga ibon sa himpapawid.

Malaya niyang binigyan ng pangalan ang lahat ng hayop, malaki man o maliit. Sinabi rin ng Diyos kay Adan na malaya siyang kumain ng prutas ng kahit na anong puno sa hardin. Huwag

lang niyang kakainin ang bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama. Sa oras na kainin niya ito, siguradong siya ay mamamatay.

Tunay na malaya ang tao na sundin at gawin ang layunin na ibinigay ng Diyos sa kanya.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Malaya Ka Ba?***

Sina Jao at Jason ay nakadungaw sa bintana habang hinihintay ang kanilang guro. Pinagmamasdan nilang mabuti ang mga ibon na malayang lumilipad sa himpapawid at dumadapo sa mga puno at damo.

*Jao*: Tingnan mo ang mga ibon na yan. Ang tataas nila lumipad no?

*Jason*: Oo nga, Ano kaya ang pakiramdam nila habang lumilipad?

*Jao*: Siyempre masaya sila. Kasi nakakalipad sila ng walang pumipigil sa kanila,

*Joshua*: Siyempre mapapagod din sila kaya sila pumupunta sa mga sanga ng puno.

Hindi nila napansin na pumasok na sa loob ng klasrum si Teacher May.

*Teacher May:* Mga bata, magsisimula na tayo sa ating klase.

*Jason:* Ay! Teacher, ‘di ba tama ang sinabi ko na kaya nagpupunta ang mga ibon sa sanga ng puno ay dahil gusto din nila magpahinga?

*Teacher May:* Tama iyan Jason. At sila ay natutulog din. Parang tayo din, malaya tayong mag-aral, maglaro o kumain. At pag napagod na tayo, malaya tayong maupo o kaya mahiga. Pero hindi naman ibig sabihin ay aabusuhin natin ang ating kalayaan. Kung kailangan nang tumigil sa paglalaro, dapat tumigil na. Katulad ngayon, kailangan maupo na kayo para makapagsimula na tayo sa ating klase.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento ng tao sa hardin. Bigyang diin na ang kalayaan na pinagkaloob ng Diyos sa atin ay gamitin natin ng wasto. Ibig sabihin hindi dapat ito lalabag sa anumang kautusan Niya.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung ano ang kasama ng kalayaan na mayroon tayo. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang kalayaan na mayroon tayo ay dapat natin gamitin sa wasto at tamang gawain at hindi sa masama.
- Halimbawa lahat tayo ay binigyan ng Diyos ng kalayaang gamitin ang 24 hours sa isang araw. Gumawa ng schedule sa pag-aaral, paglalaro at ibang gawaing bahay upang hindi nasasayang ang oras sa mga bagay na walang kabuluhan gaya ng panunuod ng telebisyon o iba pang bagay na hindi naman makakatulong sa atin.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Pag-eehersisyo

- Kahalagahan—upang mapanatiling malakas at masigla ang katawan.
- Kailan dapat gawin - hanggat maaari ay araw-araw sa umaga bago magsimula sa anumang gawain.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

1 Peter 2:16 – Kayo'y malaya, subalit ang kalayaa'y huwag ninyong gagawing dahilan sa paggawa ng masama kundi mamuhay kayo bilang mga alipin ng Diyos.

## Aralin 12   Ang Tao ay may Pananalig sa Diyos

Totoo: Ang taong may pananalig sa Diyos ay kikilos ng tama.
Reference: John 14:15
Mabuti: Gumawa ng tama na may pagtitiwala sa Diyos.
Tama: Magbigay sa mga nangangailangan ng bukal sa puso at puno ng kagalakan.

B. Motivation - Magpakita ng larawan ng batang nagbabasa ng Bible. Tanungin sila kung ang ginagawa ng bata sa larawan ay tamang gawain at bakit. Ipaliwanag sa kanila na ang kuwento sa araw na ito ay patungkol sa paggawa ng tama.

C. Bible story: **Sina Cain at Abel (Genesis 4:1-10)**

Sina Adan at si Eba ay nagkaroon ng mga anak, sina Cain at Abel. Si Cain ay isang magsasaka at si Abel ay isang pastol. Isang araw, silang dalawa ay nagbigay ng handog sa Diyos. Nasiyahan at tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel mula sa matataba niyang tupa. Ang handog ni Cain na nanggaling sa kanyang mga ani ay hindi tinanggap ng Diyos.

Si Abel ay naghandog mula sa pusong may pagtitiwala sa Diyos. Si Cain ay walang tiwala sa salita ng Panginoon. Ang Diyos ay nakatingin sa puso natin at hindi sa kung ano ang ihinahandog natin. Nagalit si Cain dahil hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang handog. Dahil sa kanyang galit, pinatay ni Cain si Abel.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Mabuti***

Si Ria ay inutusan ng kanyang nanay sa tindahan upang bumili ng mantika. Binigyan siya ni nanay ng bente pesos. Pagbalik ni Ria galing sa tindahan…..

*Nanay:* Anak, magkano ang mantika?
*Ria:* Fourteen pesos daw po.
*Nanay:* Aba, eh di sobra ang isinukli sa'yo. Halika at ibalik mo itong apat na piso.
Ria: Bakit pa po ibabalik? Hindi ko naman kasalanan na sobra ang sukli na ibinigay niya, di ba?
Nanay: Oo nga anak pero hindi ibig sabihing ito ay para sa iyo na. Ang tama ay ibalik mo ito sa kanya. Naiintindihan mo ba?
Ria: Opo 'Nay.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na ang handog na katanggap-tanggap sa Diyos ay ang handog ng taong may pagtitiwala sa Kanya.

G. Mabuting Mamamayan
- Bigyan diin na dapat tayo ay magbigay ng tulong na bukal sa ating loob at may kasiyahan. Ang Diyos ay nakatingin sa ating puso at hindi sa dami ng ating naibibigay.
- Ang mabuti ay ang bigyang kasiyahan ang Diyos.

## Aralin 13   Ang Mabuting Tao

Totoo: Nananatili sa pag-ibig ng Diyos at kanyang kinalulugdan ang mga taong tinutupad ang kanyang mga utos. Reference: John15:10
Mabuti: Pag-aaral at pagsunod sa salita ng Diyos.

Tama: Huwag gumanti kapag ginawan ng masama.

B. Motivation - Magpakita ng larawan ng mga sumusunod:

1. batang nagdadasal
2. batang nagtatapon ng basura sa daan
3. batang nagtatanim ng halaman

- Tanungin ang mga bata kung mabuti ang ginagawa ng tao sa larawan at bakit nila nasabi na ito ay mabuti.
- Sabihin sa kanila na bibigyang linaw at diin ngayon kung sino ba ang taong mabuti.

C. Bible story: **Bunga ng Pagsuway at Pagsunod (Genesis 3:16-23, 6:9-9:13)**

Sina Adan at Eba ay hindi sumunod sa utos ng Diyos. Ang kanilang pagsuway ay hindi nagbigay kasiyahan sa Diyos.

Nagalit ang Diyos sa kanila kaya sila ay pinalayas sa Hardin ng Eden. Naging mahirap para kay Adan ang pag-sasaka at pagtatrabaho sa lupa. Si Eba naman ay nahirapan din sa panganganak.

Kaiba naman si Noah kina Eba at Adan. Si Noah ay nag-bigay kasiyahan sa Diyos dahil siya ay nagtiwala at sumunod sa sinabi ng Diyos. Ginawa niya ang malaking arko na ipinagawa sa kanya ng Diyos. Siya at ang kanyang pamilya ay naligtas sa malaking baha.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Tama ba Yan?***

Isang umaga, sa loob ng klasrum, initsa ni Toto ang pera kay Andoy.
*Toto:* Naku, sorry Andoy, hindi ko sinasadya. Sorry talaga.
*Andoy:* Anong sorry, ha.
Ibinalik ni Andoy ang pera sa pamamagitan ng paghagis nito sa ulo ni Toto.
*Andoy*: Sorry pala ha! Etong sa'yo
*Toto*: Aray ko!
*Toto:* Aray! Masakit yun, ha!
Napaiyak si Toto sa sakit. Nakita siya ng teacher nila na umiiyak.
*Teacher:* Anong nangyari sa iyo?
*Toto:* Ibinato po sa akin ni Andoy yung pera. Tinamaan ako sa ulo.
*Andoy:* Teacher siya po ang nanguna. Gumanti lang ako.
*Toto:* Hindi ko naman po sinasadya na tamaan siya sa ulo. Nag-sorry na nga po ako.
*Teacher:* Nag-sorry na pala si Toto sa iyo Andoy. Bakit kailangan ka pang gumanti? Sa susunod Toto, iabot mo ng maayos ang pagbibigay ng kahit na anong bagay. Ikaw naman Andoy, huwag mong gawing ugali ang gumanti ng masama sa kapwa mo. Naintindihan ba ninyo?
*Toto/Andoy:* Opo Teacher.
*Teacher:* O, sige, mag-sorry kayo sa isa't-isa.
*Toto:* Sorry Andoy, hindi ko talaga sinasadya.
*Andoy:* Sorry din dahil ginantihan kita.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na mabuti ang mga taong sumusunod sa utos ng Diyos. Ang mabuti ay ang nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Malalaman natin ang mga utos ng Diyos kung tayo ay magbabasa ng Bibliya.

G. Mabuting Mamamayan

- Magsalaysay ng kwento na kung saan nagpapakita ng paghihiganti.
- Bigyan diin na isa sa mga inuutos ni Cristo ay hindi dapat gumanti ng masama kung ikaw ay ginawan ng masama ng sinasadya o hindi. Matutong magpatawad at humingi ng tawad.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan. Pangangalaga sa *Nervous System (Brain, Spinal cord, Nerves)*

- Kahalagahan - Ang *nervous system* ang nagkokontrol sa galaw ng lahat ng bahagi ng katawan. Upang maging maayos ang paggalaw ng bawat bahagi ng katawan, dapat na mapanatili ang kalusugan ng *nervous system* sa pamamagitan ng sumusunod:
  1. Upang maprotektahan ang utak umiwas sa anumang aksidente na makakapinsala dito. Iwasang maglakad malapit sa mga construction site.
  2. Kumain ng mga pagkain para sa utak at nerves, tulad ng mga pagkaing mayaman sa vitamin B (beans, peas, mongo at gulay).
  3. Iwasan ang kape, tabako at inuming may alkohol, hindi ito mabuti. Ang anumang medisina na iinumin ay dapat na may prescription o pahintulot ng doctor.
  4. Mag-relax. Mabuti ang relaxation sa utak, nerves at senses.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

John 15:10a - Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos mananatili kayo sa aking pag-ibig.

## Aralin 14 Ang Matuwid na Tao

Totoo: Ang taong matuwid ay taong may pananalig sa Diyos. Reference: Romans 4:3

Mabuti: Magtiwala sa Diyos upang masunod ang kanyang mga utos.

Tama: Ipakita ang pagtitiwala at pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig sa kapwa. Maipapakita ang pag-ibig sa kapwa sa pamamagitan ng pagbibigayan.

B. Motivation - Ipaawit ang kantang *Read your Bible*.

C. Bible story: **Sumunod sa kalooban ng Diyos (Genesis 6:9-9:13, Genesis 12:1-5, 17:1-16, 21:1-5, Exodus 3:1-17)**

Sa Bibliya, mababasa natin ang mga kuwento ng mga tao na sumunod sa Diyos. Si Noah ay sumunod sa kalooban ng Diyos nang sabihin sa kanya ng Diyos na siya ay gumawa ng malaking arko kung saan maliligtas ang kanyang buong pamilya mula sa malaking baha.

Si Abraham ay sumunod sa kalooban ng Diyos nang utusan siya ng Diyos na iwanan niya ang kanyang bayan, upang magtungo at manirahan sa lupang ipapakita sa kanya ng Panginoon. Si Moses ay sumunod sa kalooban ng Diyos nang utusan siya ng Diyos na pangunahan ang mga Israe-lita upang makalaya mula sa pagkaalipin sa Egypt. Lahat sila ay nagtiwala sa sinabi ng Diyos at pagkatapos ay sumunod sila sa sinabi Niya. Ang tao na nagtitiwala sa salita ng Diyos ay matuwid sa harap Niya.

Higit sa lahat, ang Panginoong Jesus ay sumunod din sa kalooban ng Diyos. Inalay Niya ang Kanyang buhay upang ang sinumang magtiwala sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Matuwid***

Papasok na naman ang mga bata. Marami nang naghihintay ng tricycle patungo sa eskuwelahan. Nang may duma-ting na tricycle, nag-uunahan lahat upang makasakay.

*Toto:* Jolo dalian mo, para makasakay na tayo.

*Jolo:* Teka, natutulak ako, eh.

*Toto:* Itulak mo din, tutal yan ang ginagawa nila sa'yo.

*Jolo:* Hindi puwede, sabi ng nanay huwag ko daw gagayahin ang maling ginagawa ng iba. Sabi pa nga niya, dapat daw nagbibigayan tayo. Huwag mag-uunahan para maging maayos.

*Toto:* O sige, tatandaan ko yang sinabi mo. Halika na. Ayan na ang tricycle, walang nakasakay.

F. Gabay ng buhay — Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na ang taong may pagtitiwala sa Diyos ay tinuturing na matuwid. Dahil sila ay nagtitiwala sa Diyos nagiging masunurin sila sa salita ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin ang mga bata kung sila ay may pagtitiwala sa Diyos. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Ipaalam sa kanila na ang batang gaya nila na nagtitiwala sa Diyos ay dapat marunong umunawa at sumunod sa salita ng Diyos. Isa sa mga matututuhan nila sa Bible ay ang Diyos ay hindi nalulugod sa kaguluhan kundi sa kapayapaan.
- Bigyan diin na ang Diyos ay nalulugod sa kapayapaan. Dapat ang mga batang nagtitiwala sa Diyos ang nag-sisimula ng kapayapaan at hindi kaguluhan. Ang pag-papanatili ng kapayapaan ay nakapagbibigay ng kasiyahan sa Diyos at ito ay mabuti.

## Aralin 15 Ang Mga Magulang

Totoo: Igalang ang mga magulang. Reference: Exodus 20:12
Mabuti: Pagbibigay galang sa magulang at iba pang naka-tatanda.
Tama: Makipag-usap sa mas matatanda ng may paggalang sa pamamagitan ng paggamit ng po at opo. Bumati sa mga nakakasalubong o nakakasalamuha.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible story: **Ang Utos ng Diyos (Ephesians 6:1-3)**

Mga anak, sundin ninyo ang inyong magulang alang-alang sa Panginoon sapagkat ito ang nararapat. Igalang ninyo ang inyong ama at ina. Ito ang unang utos na may kalakip na pangako. Ikaw ay giginhawa at matatamasa mo ang mahabang buhay dito sa lupa.

Sinabi din sa Bibliya na ang mga bata ay dapat sumunod sa kanilang mga magulang sa lahat ng bagay sapagkat ito ay nakalulugod sa Diyos.

Ang pagsunod sa utos ng Diyos ay tama dahil ito ang kalooban Niya para sa atin.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Si Leo***

Si Leo ay napakabait na bata. Siya ay nag-aaral ng mabuti. Lagi siyang sumusunod sa kanyang mga magulang. Siya ay mahilig makipagkaibigan. At higit sa lahat, si Leo ay magalang.

Pagdating sa bahay, siya ay nagbibigay galang sa kanyang mga magulang sa pamamagitan ng pagbati at pagmamano. Si Leo ay nagiging magalang na bata sa kanyang paglaki.

Ito ay nagbibigay kasiyahan sa kanyang magulang, guro at higit sa lahat sa Diyos

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang tinuturo ng mga talata. Bigyang diin na ang pagsunod sa

mga magulang ay tama sapagkat ito ang kalooban ng Diyos na dapat gawin ng bawat bata.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung sa paanong mga paraan nila pinapakita ang paggalang nila sa kanilang mga magulang. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang pagbibigay galang ay hindi lang ipinapakita sa sariling mga magulang kundi sa iba pang nakatatanda gaya ng guro, tiyo, tiya, lolo at lola. Maaari nila itong ipakita sa pamamagitan ng pagbati at paggamit ng *po* at *opo*.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Tamang Paghuhugas ng Prutas at Gulay

- Kahalagahan:
  1. Maiiwasan ang mga iba't-ibang uri ng sakit na maaaring makuha sa mga kemikal na ini-spray sa mga puno ng mga prutas at gulay.
  2. Maaalis ang mga duming nakakapit sa prutas o gulay habang ito ay nakalatag sa palengke.
- Pamamaraan:
  1. Hugasang mabuti ang mga gulay at prutas na kakainin upang maalis ang mga kemikal na ini-spray dito dahil ito ay may masamang dulot sa ating kalusugan.
  2. Ibabad sa tubig ang gulay ng tatlong oras bago ito lutuin.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Exodus 20:12 – Igalang ninyo ang inyong ama at ina.

## Aralin 16 Ang Iglesiya

Totoo: Pasakop at sundin ang mga namumuno sa simbahan sapagkat sila ang nangangalaga sa atin.

Reference: Hebrews 13:17

Mabuti: Sundin ang mga namumuno sa simbahan.

Tama: Makiisa sa mga gawain ng simbahan gaya ng pag-attend ng Sunday school at pagbabahagi ng pagkain sa mga mahihirap.

B. Motivation - Alamin sa mga bata kung sino sa kanila ang nakakakilala sa pinuno ng kanilang simbahan (pangalan ng pari, pastor o elder). Tanungin sa kanila kung paano nila maipapakita na mahal nila ang leader ng kanilang simbahan.

C. Bible story: **Ang mga Matanda sa Iglesia (1 Timothy 5:17; Hebrews 13:17)**

Ang mga matatanda na mahusay sa pamamahala ng simbahan ay karapat-dapat na tumanggap ng karangalan at respeto mula sa mga miyembro, lalung-lalo na iyong mga nangangaral at nagtuturo.

Sinabi sa Bible na sundin ninyo ang mga nangangasiwa sa inyo at pasakop kayo sa kanilang pamamahala upang ma-ging kagalakan at hindi pabigat ang paglilingkod na ginagawa nila.

Kaya makakabuti sa mga bata kung sila ay makikinig at susunod sa kanilang mga pastor o sa mga nangunguna sa loob ng simbahan. Ang Diyos ang naglagay sa kanila doon.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Iyan ang Sabi sa Akin***

Isang araw ng Linggo sa tahanan ng mga Sandoval….

*Tatay*: Maligo ka na anak. Magsisimba kayo ni Nanay.

*Alvin*: Hindi ka po sasama sa amin ni nanay?

*Tatay*: Dito na lang ako sa bahay. Kayo na lang ang magsimba."

*Alvin*: "'Tay, wala naman po kayong sakit. Sabi ng pastor, mabuti daw magkakasama magsimba ang mag-anak."

Tugon ng anak sa ama.

*Tatay*: "Sige na nga. Maliligo na ko at sasama sa inyo. Nagse-sermon ka na, eh wala pa tayo sa simbahan."

Tuwang-tuwa si Alvin dahil makakasama nila si Tatay sa simbahan.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang kuwento. Bigyang diin na ang Diyos ang naglagay sa atin ng mga tagapamahala o leaders kaya dapat tayo ay pasakop sa kanila sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila. Ang pagsunod sa itinalaga ng Diyos ay pagpapasakop sa kanya. Ito ay tamang gawin.

G. Mabuting Mamamayan
- Ipaliwanag sa mga bata na kahit sa mura nilang edad maipapakita na nila ang kanilang pagpapasakop sa leaders ng simbahan.
- Tanungin sa mga bata kung ano ang kahalagahan ng pagsisimba tuwing Linggo. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin ang mga leaders ng simbahan ay dapat na nangangalaga sa mga sinasakupan nila. Sila ang nagtuturo sa atin ng mga gabay sa buhay na matatagpuan sa Bibliya. Isa sa mga programa ng simbahan na maaari tayong makibahagi at suportahan ay ang pagtulong sa mahihirap sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagkain.

## Aralin 17 Kapwa Ko, Mahal Ko

Totoo: Mahalin ang kapwa gaya ng pag-ibig sa sarili. Reference: Matthew 22:39

Mabuti: Ibigin ang kapwa.

Tama: Magbigay ng bukal sa puso at puno ng kagalakan sa mga nangangailangan ng mga pinagliitang damit at mga gamit na maayos pa.

B. Motivation - Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagmamahal sa Diyos.

C. Bible story: **Ang Mabuting Samaritano (Luke 10:29-37)**

Habang nagtuturo si Jesus, may isang lalaki na nagtanong sa Kanya "Sino ba ang aking kapwa?" Sumagot si Jesus sa pamamagitan ng isang kuwento.

May mga tulisan na humarang sa isang tao at siya ay binugbog. Hinubaran siya at iniwang halos patay na. Nakita siya ng isang saserdote pero ito ay lumihis ng daan. Dumaan din ang isang Levita pero tinignan lang siya at umalis din. May isang samaritano na nakakita sa taong nabugbog. Binuhat niya ang tao at dinala sa isang bahay. Inalagaan niya ang taong nabugbog at ipinagbilin ito sa namamahala ng bahay.

Sino sa kanila ang nagpakita ng pakikipag-kapwa sa taong nabugbog? tanong ni Jesus. "Yaong nagpakita ng pagkahabag sa kanya," tugon ng lalaki. Ganoon din ang iyong gawin, sabi ni Jesus sa kanya.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Tulungan Natin Sila***

Minsan sa tahanan nila Mark….

*Mark*: "'Nay, totoo po bang maraming bata ang walang makain o damit na maayos?" tanong ni Mark sa nanay niya.

*Nanay*: "Oo anak. Marami nga sa kanila ay walang maayos na tirahan." sagot ng nanay sa anak.

*Mark*: "Kawawa naman po sila."

*Nanay*: "Totoo yan anak. Kaya magpasalamat ka sa Diyos sa mga bagay na mayroon ka.

*Mark*: 'Nay tulungan niyo ako mag-ayos ng mga damit na maliit na sa akin.

*Nanay*: Tama yan anak. Ipamigay mo na rin itong mga laruan na hindi mo ginagamit.

May kasiyahang nadama si Mark dahil alam niyang makakatulong siya sa mga batang katulad niya.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na kung mahal natin ang Diyos ay susundin natin ang Kanyang utos. Inutos ni Cristo na mahalin natin ang ating kapwa. Ito ay ang tamang gawain. Ang tama ay ang pagkilos na sang-ayon sa kalooban ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin ang mga bata kung sa paanong paraan nila mapapakita ang pag-ibig nila sa ibang bata na tulad nila kung wala silang extra na damit o laruan. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Ipaalam sa kanila na maraming paraan ng pagtulong hindi lang ang pagbibigay ng gamit.
- Bigyan diin na dapat tayo ay magmalasakit o magbigay ng tulong ng bukal sa ating loob at may kasiyahan. Ang ating pagtulong sa kanila ay pagpapakita ng pag-ibig sa ating kapwa. Sa tuwing tutulong tayo palagi natin iisipin na ito ay ginagawa natin upang mabigyan ng kasiyahan ang Diyos at hindi para tayo ay mapuri ng ibang tao. Ang pagbibigay kasiyahan sa Diyos ay tamang gawin.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Uminom ng 8 baso ng tubig araw-araw.

- Kahalagahan:
  1. Tumutulong ito sa pagtunaw ng ating pagkain.
  2. Ang katawan ay binubuo ng 60-70% liquid. Ang tubig ay tumutulong upang maisagawa ng ating mga organs ang kanilang gawain ng mahusay.
  3. Nakakatulong sa pagpapanatili ng kagandahan ng balat at buhok.
  4. Nakakalinis at nakakatanggal ng mga dumi sa loob ng katawan.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Matthew 22:39 - Mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.

## Aralin 18 Ang Kalikasan ay Nilikha ng Diyos

Totoo: Ang Diyos ang lumikha ng lahat. Reference: Gen.1:1-19
Mabuti: Pangangalaga sa kalikasan.
Tama: Alagaan ang kalikasan sa pamamagitan ng pagtatanim.

B. Motivation - Magpaawit ng kantang may kinalaman sa mga nilikha ng Diyos.

C. Bible story: **Ang Nilikha ng Diyos (Genesis 1)**

Noong pasimula, ang mundo ay walang laman at walang anyo. Ibinukod ng Diyos ang dilim sa liwanag. Ihiniwalay Niya ang tubig sa ibaba ng langit upang lumitaw ang tuyong lupa. Ito ang karagatan at ang lupa.

Sinabi ng Diyos, *ang lupa ay sibulan ng mga halamang nagbubunga ng butil at mga punongkahoy na may buto ang kanyang bunga ayon sa kanya-kanyang uri*. Ito ay naganap noong ikatlong araw.

Sa ikalimang araw ay nilikha ng Diyos ang mga ibong lumilipad sa himpapawid at lahat ng uri ng malalaki at maliliit na isda at mga hayop na nabubuhay sa dagat.

Matapos ang bawat araw ng paglikha, nakita ng Diyos na ito ay mabuti. Ang lahat ng Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Hardin ni Lolo Berto***

Maaga pa lamang ay abala na si Lolo Berto sa kanyang bakuran. Araw-araw niya itong winawalis at dinidilig ang kanyang mga halaman. Mula nang magretiro si Lolo sa kanyang trabaho, naging libangan na niya ang halamanan. Isang araw, maagang nagising si Jasper. Napansin niya ang kasiglahan ni Lolo Berto. Pasipol-sipol pa habang nag-aayos ng kanyang mga halaman.

*Jasper*: Magandang umaga po lolo! Bakit po kayo masaya?

*Lolo*: Tingnan mo itong mga halaman ko, apo. Namumulaklak na sila at napakagaganda nila tingnan!

*Jasper*: Opo nga Lolo, kasi lagi mo silang inaalagaan.

*Lolo*: Siyempre apo, dapat nating alagaan ang mga bagay na nilikha ng Diyos. Ang ating Diyos ay Diyos ng kagandahan at kaayusan. Ang mga ito ay ipinagkatiwala Niya sa atin.

F. Gabay ng buhay Muling - balikan ang kuwento. Bigyang diin na ang kalikasan ay nilikha ng Diyos. Ang lahat ng may buhay at walang buhay ay nagmula sa Kanya. Ang Diyos ang may likha ng lahat kaya dapat Siyang purihin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ipinagkatiwala ng Diyos sa tao ang pamamahala sa kalikasan kaya ito'y dapat nating pangalagaan. Ang pangangalaga sa kalikasan ay nagsisimula sa sariling bakuran upang maging magandang halimbawa sa kanilang mga kapitbahay.
- Ginagawa natin ang kalooban ng Diyos kung pinangangalagaan natin ang kalikasan. Ito ay mabuti sapagkat binibigyan natin siya ng kasiyahan.
- Ang batang gaya nila ay makakatulong na sa pangangalaga ng kalikasang nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatanim, pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kanilang tahanan at kapaligiran.

## Aralin 19 Ang Kalikasang Maayos at Maganda

Totoo: Ang kalikasang nilikha ng Diyos ay may kaayusan Reference: Psalm 104:10-25
Mabuti: Panatilihin ang kaayusan at kagandahan ng kalikasan.
Tama: Panatilihing maayos at maganda ang loob at labas ng bahay sa pamamagitan ng paglalagay ng lahat ng gamit sa tamang lalagyan at paglilinis nito.

B. Motivation - Tanungin ang mga bata kung paano nila napapanatili ang kaayusan ng kanilang gamit sa bag, kabinet at kuwarto nila. Alamin sa kanila kung bakit kailangan laging maayos ang kanilang

mga gamit. (Pakinggan ang kanilang mga sagot.)

C. Bible story: **Purihin ang Diyos (Psalm 104:12, 24-25)**

Ang mga ibon sa himpapawid ay nagpupugad
Sa tabi ng mga tubig;
Umaawit sila sa mga sanga ng kahoy.
Kaydami ng Iyong ginawa, Panginoon!
Sa Iyong karunungan ay ginawa Mo ang lahat.
Ang daigdig ay puno ng mga nilikha Mo.
Nariyan ang dagat, maluwang at malawak,
Punong-puno ng mga nilikhang hindi mabibilang
Mga bagay na nabubuhay, malaki't maliit.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Magandang Tahanan***

Sina Marie, Michelle at Grace ay nag-uusap sa labas ng kanilang paaralan.

*Grace*: Bisitahin natin si Jinky.
*Marie*: Kayo na lang, kailangan ko umuwi agad.
*Michelle*: Sige, tayo na Grace!

Pagdating sa bahay nila Jinky…..

*Michelle at Grace:* Magandang umaga po!
*Aling Gloria:* Kayo pala Michelle, Grace. Tuloy kayo.
*Michelle:* Kakamustahin po namin si Jinky.
*Aling Gloria:* Ay, salamat mga anak at naalala niyo si Jinky. Nagpapalakas na lang siya ng katawan.
*Grace*: Ang ganda pala ng bahay niyo. Maayos at malinis.
*Jinky*: Sabi ni nanay maganda ang bahay na maayos at mali-nis kahit ito ay maliit.
*Grace*: Tama iyan. Tatandaan ko ang sinabi ng nanay mo at gagawin ko din iyan sa amin.

F. Gabay ng buhay - Muling balikan ang kuwento. Bigyan diin na ang Diyos ay Diyos ng kaayusan at kagandahan, ito ay Kanyang kalikasan. Ang kalikasan Niyang ito ay kitang-kita sa lahat ng Kanyang nilikha, may kaayusan at kahanga-hanga ang kagandahan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang kagandahan ng isang tahanan ay hindi nakikita sa laki o ganda ng mga gamit sa loob nito kundi sa kaayusan na mayroon ito.
- Kalooban ng Diyos na tayo ay maging maayos at malinis sa loob at labas ng ating tahanan.
- Ang isang paraan ng pagpapanatili ng kaayusan at kagandahan ng kalikasan ay dapat nagsisimula sa pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan sa loob ng tahanan.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Mabibigyan natin Siya ng kasiyahan sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating pangangatawan.

Paglilinis ng sugat

- Kahalagahan – upang maiwasan na maimpeksiyon ang sugat na maaaring kumalat sa katawan.
- Tamang paraan:

1. Kung ang sugat ay mababaw, patigilin muna ang pagdudugo sa pamamagitan ng pagtakip

sa sugat gamit ang malinis na tela o bulak.

2. Hugasan ang sugat gamit ang malamig na tubig at hindi pagtatapon ng basura o kalat dito.
3. Gamit ang sabon pampaligo. Sabunin lamang ang paligid ng sugat at huwag ang mismong sugat.
4. Lagyan ng antibiotic ang sugat.
5. Kung ang sugat ay malalim at hindi tumitigil sa pagdudugo dalhin ito sa pinakamalapit na clinic at baka kailangan tahiin.

I. Homework

Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

1 Corinthians 14:40 - Lamang gawin ninyo ang lahat ng bagay na may kaayusan at sa angkop na paraan.

## Aralin 20 Ang Epekto ng Kasalanan sa Kalikasan

Totoo: Ang taong nagsasapuso at nagsasapamuhay ng mga salita ng Diyos ay makakatulong sa atin upang hindi tayo magkasala. Reference: Psalm 119:11

Mabuti: Mag-memorize ng salita ng Diyos upang maging panangga natin sa pag-iwas na makagawa ng kasalanan.

Tama: Hindi tayo dapat magtatapon ng basura sa dagat upang mapangalagaan ang yaman ng kalikasan.

B. Motivation - Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagkalikha ng Diyos sa lahat ng bagay.

C. Bible story: **Ang Epekto ng Kasalanan (Genesis 6:1-13, 17-24)**

Dumami na ang tao sa mundo. Nakita ng Panginoon ang labis na kasamaan ng tao sa daigdig. Ang bawat hilig ng puso ng tao ay kasamaan sa lahat ng panahon.

Ang Diyos ay labis na nagdalamhati sa tao na Kanyang nilalang. Ang Kanyang puso ay napuno ng pighati.

Sinabi ng Diyos na wawasakin Niya ang sangkatauhan pati mga hayop na gumagalaw sa lupa at mga ibon sa himpapawid sa pamamagitan ng malaking baha. Dahil sa matinding kasamaan ng tao ay sinira ng Diyos ang kalikasan na Kanyang nilikha.

D. Sagutin ang activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Tapon Dito, Tapon Doon***

"Anak ng Pasig naman kayo! Tapon doon, tapon dito"….. Ang alingaw-ngaw ng malakas na radio ng kapitbahay nila Aling Fe ay nakatawag sa pansin ni Nica.

*Nica*: 'Nay, totoo po bang maganda ang ilog Pasig noon?

*Nanay*: Aba oo, anak. Maganda at malinis! Sayang dahil napabayaan na.

*Nica*: Paano po ba ito napabayaan?

*Nanay*: Maraming nagtatapon ng basura doon. Siyempre, naging marumi at mabaho ang tubig. Nagbabara ang ilog.

*Nica:* Sayang, hindi ko nakita ang kagandahan ng ilog noon.

*Aling Fe:* Mabuti na lamang dahil ang ating gobyerno ay gumawa ng mga hakbang para masagip ang ilog na iyan. Kailangan lang na makisama ang mga tao.

E. Gabay ng buhay - Bigyang diin na dapat ang tao ay mamuhay ng matuwid sa harap ng Diyos.

- Ang paggawa ng mabuti ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.
- Ang paggawa ng kasalanan ay hindi nagbibigay ng kasiyahan sa Diyos.

- Makagagawa lamang tayo ng mabuti at tama kung alam natin ang Kanyang salita na matatagpuan sa Bibliya.

F. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang ang kalooban ng Diyos ay alagaan natin ang kanyang mga nilikha, kasama dito ang mga dagat at ilog. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng hindi pagtatapon ng basura sa mga ito.
- Ang hindi pagsunod sa sinabi ng Diyos ay kasalanan, ito ay hindi mabuti.

© Revised 2018
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Institute, Inc.